22140075

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**FILIPINO: LITERATURE – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**FILIPINO A : LITTÉRATURE – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A: LITERATURA – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Friday 9 May 2014 (morning)
Vendredi 9 mai 2014 (matin)
Viernes 9 de mayo de 2014 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a guided literary analysis on one passage only. In your answer you must address both of the guiding questions provided.
- The maximum mark for this examination paper is *[20 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Rédigez une analyse littéraire dirigée d’un seul des passages. Les deux questions d’orientation fournies doivent être traitées dans votre réponse.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est *[20 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un análisis literario guiado sobre un solo pasaje. Debe abordar las dos preguntas de orientación en su respuesta.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[20 puntos]*.





© International Baccalaureate Organization 2014

*Magsulat ng isang ginabayang pagsusuring pampanitikan sa* ***isang*** *sipi lamang. Sa iyong sagot, kailangang tugunan mo ang nakalaang dalawang gabay na tanong.*

**1.**

Sa tuwing kinakandili ako ng sariling silid, bubulaga ang batang mahigit dalawang dekada kong ipiniit sa aking aparador. Tatambad siya, taas noo, sa aking harapan, tangan ang mga bulaklak ng makahiya at tatlong lobong asul mula sa isang piging. Agad siyang susuot sa ilalim ng aking kama at aapuhapin ang mga kahon ng kaniyang kayamanan – mga itlog ng butiki mula sa sulok-sulok ng dingding na kaniyang nalikom sa mga umaga ng paglalampaso ng sahig: mga buto ng ipil at nagsiputukang bunga ng kapok na kaniyang itinabi matapos mautusang bumili ng pandesal; isang sinturon ng mga bawang at bukadkad ng Dona Aurora na kaniyang pinagkabitkabit matapos makipagtaguan sa plaza; at malaking hawla ng mga mayang kinulayan ng pula, lunti, asul, at rosas mula sa pabunot matapos ang misa.

Sa pangambang magmaktol ang kapiling na bata, inuuwian ko siya ng mga yema, puto seko at *cotton candy.* Ibinibida ko sa kaniya ang palasyong may sandaang silid at ang kahariang yari sa tsokolate, gatas, asukal, sago, at gulaman. Pakiwari ko'y isa akong ama buhat sa kabilang pampang ng Pasipiko. Yayakapin ko ang bata sa panghuhuli ng butete at mariposa; at magugunita ko ang kuwintas ng libag sa aking leeg at ang sunog na balat sa balikat ng mga nakaraang tag-araw. Aampon kami ng ligaw na kuting sa kanto matapos turuan ang batang magpedal ng bisikleta nang hindi na siya mawiling lagi na lamang umaangkas o magpapakarga, yayapos sa aking likuran at gagawing kambiyo't manibela ang buhok ko't tainga. Magdidikdik kami ng bulaklak at dahon ng gumamela at kakawala sa aming bibig ang di mabilang na bula. Daig pa ang makapangyarihang antipara, mikroskopyo, at teleskopyo, matutukoy namin ang palayok, sambalilo, kariton, at bulkan sa mga ulap. Aangkinin namin ang mga puno ng makopa, aratiles, at santol hanggang mamuwalan at madagtaan ang aming kamiseta ng mga bunga. Guguhit kami ng sundalo at sorbeterong patpat at ilalagda ang magkahawig naming pangalan sa sariwang latag ng semento sa tarangkahan, katabi ng mga barya, para mangumusta ang suwerte sa aming tahanan. Gugulatin ko siya ng saranggolang hugis-agila at lihim naming aakyatin ang bubungan ng kapitbahay, matiyagang maghihintay sa pagdaan ng eroplano habang pumapapak ng pasas, kamias, at minatamis na kundol. Igigiya ko sa abot ng aking binti at tanaw ang palengke, karnabal, simbahan, munisipyo at paaralan. Pagkaraan, tuturuan niya akong lumukso, pumadyak, kumumpas, umindak gayong batid niyang parehong kaliwa ang aking paa. Sabay na lamang kaming mangangamba sa kabag habang humahagalpak. Ang batang ikinulong ko sa aking aparador ay nananabik sa pinakaaabangan naming pagtatagpo. Tulad ko, dalawampung tag-ulan na ang nakaraan, nakatanghod ang bata sa durungawan at nananalangin ng ulan sa buwan ng Abril. Nanginginig ang kaniyang binti para makapagtampisaw sa kinagisnan at kinikilala niyang ilog at dagat at magpapalutang ng labinlimang bangka; tumitibay ang kaniyang braso sa pagyugyog ng punong mangga at saka ipipiit sa lata ang mga antuking salagubang.

Magugunita pa kaya ng bata ang minsang pagsubaybay ko sa pagsulpot ng mga kabute sa patay at puno ng niyog?

Sa tuwing kinakandili ako ng sariling silid, bumubulaga ang batang dalawang dekada kong ipiniit sa aking aparador. Ngayon at sa mga susunod pang pagkakataon, mananahan siya sa katawan ko't kaibuturan.

Eugene Y Evasco, *Mga Pilat sa Pilak* (2011)

(a) Suriin ang mga paraan kung paano ang paglalahad ng maraming konkretong detalye ng karanasan ay naisasalaysay muli sa sipi.

(b) Talakayin ang kabuluhan ng huling parapo sa pagbigay liwanag sa tunay na ugnayan ng tagasalaysay at ng bata.

**2.**

**Saranggola**

Kapirasong papel ka lang
pero sa paghatak ng kamay ko
at paghatak ng hangin,
umaakyat ka sa langit,
napapalapit sa asul,
nakasisingit sa ulap.
Kay ganda ng tanawin
mula diyan sa tore ng pisi.
Nakikita mo pa kaya ako
dito sa ibabaw ng mga yerong
kinakain ng araw, ulan, kalawang?
Nasisilip ba ang noo
o salabid ng koryente at sinampay?
Isa ka nang lawin na naghahanap
ng masasambilat na sisiw.
Sumasalipawpaw sa sibad ng hangin,
pumapaimbabaw sa polusyon ng tao
nalalanghap ang hininga ng araw.
Pumapaimbulog din ako, saranggola
(magkatulad tayong buto't balat)
Gaya mo, nangangarap ang batang yagit
na mahuli ang mata ng mga bituin.

Romulo Baquiran, *Kung Nanaisin: Mga Tula* (2012)

(a) Suriin ang mga kasangkapang pampanitikan ginamit para sa paglarawan ng papel na saranggola sa tula.

(b) Talakayin kung paano nagamit ng makata ang saranggola para mapahalagahan ang kalagayang pantao.